



Engkweniro:

UP Diliman Arts & Culture
Festival 2021



f @ t v @updoica

Message for Diliman Commune 50th Anniversary

1 Feb 2021

Isang maalab na pagbati sa inyong lahat.

February 1, 1970 nang maganap ang makasaysayang Diliman Commune -- isang matingkad na halimbawa ng sama-samang pagkilos ng mga mag-aaral, faculty at kawani ng UP Diliman. Limang dekada na ang lumipas mula nung araw na iyon. Malaki na ang ipinagbago ng UP Diliman, lalo pa ngayong may pandemya. Pero iba man ang sitwasyon natin ngayon, naniniwala akong hindi kailanman mababago ang alab sa puso ng mga taga-UP.

Ipinaghihiwalay man tayo ng pandemya, ipinagbubuklod naman tayo ng mga alaala. Mga aral at alaala na magsisilbing gabay natin sa pagharap sa mga hamon ng kasalukuyang panahon.

Marami nang naisulat ukol sa Diliman Commune. Iba't ibang kuwento, iba't ibang opinyon. Anuman ang ating personal na paniniwala at pagtingin, hindi maitatanggi na ang siyam na araw na barikada noon ay simbolo ng tapang, tatag ng paninindigan at pagkakaisa ng ating komunidad para ipagtanggol ang ating unibersidad.

Hayaan niyo akong balikan ang mga tagpo noong mga araw na iyon. February 1, 1970... nagtayo ng barikada ang mga aktibistang estudyante ng UP sa University Avenue at Katipunan Road. Gamit ang kanilang mga katawan, gumawa sila ng human barricade para pigilan ang mga pulis sa pagpasok at pag-aresto ng mga aktibista sa loob ng campus. Nakikiisa noon ang mga estudyante sa protesta ng mga jeepney driver laban sa pagtaas ng presyo ng krudo. Hindi man sila ang direktang apektado, naniniwala ang mga estudyante na ang pagsuporta sa jeepney strike ay pagpapakita ng malasakit sa mga sektor ng lipunan na unang tinatamaan ng mga polisiya ng pamahalaan.



Engkweniro:

UP Diliman Arts & Culture
Festival 2021



f @ t v @updoica

Pilit na pumasok ang mga pulis sa campus para arestuhin ang mga nagpo-protesta. Pero sadyang malalim ang pagpapahalaga ng UP sa academic freedom. Gipitin man sila ng Malacanang, hindi pumayag ang mga opisyal ng UP, sa pangunguna ni noo'y UP President S.P. Lopez, na papasukin ang mga pulis. Nanindigan at ipinagtanggol nila ang karapatan ng mga estudyante na magprotesta at magpahayag ng saloobin.

Matagal nang kilala ang UP dahil sa matapang na aktibismo sa hanay ng mga estudyante at faculty. Ang aktibismong ito ay bunga ng paniniwalang: ang edukasyon ay hindi dapat ikunukulong sa apat na sulok ng silid-aralan. Walang saysay ang kaalaman kung hindi ito gagamitin para sa tao at sa bayan.

Nang magsipagtapos ang mga estudyante, ilan sa mga sumali sa Diliman Commune ay naging bahagi ng rebolusyonaryong kilusan. Pero hindi lahat ganito ang tinahak na landas. May ilang sumali sa hanay ng gobyerno, sa kagustuhang baguhin ang sistema mula sa loob. May ilan namang aktibista na pumasok sa larangan ng negosyo. At marami ang nagdesisyong maging mas lubog sa komunidad -- bilang mga guro, abogado, community organizer, manggagamot, development worker at lingkod bayan.

Sabay-sabay na sumali sa Diliman Commune, pero iba-iba ang tinahak na landas. Patunay lamang ito na ang landas ng isang estudyanteng aktibista ay hindi produkto ng Unibersidad, kundi ng kanilang sariling pag-iisip at desisyon. Sila, at hindi ang UP, ang nagde-desisyon kung paano nila patuloy na pag-aalabin ang mga prinsipyo ng Pamantasang ito -- sa larangan man ng gobyerno, sa negosyo, sa kilusan o sa loob ng mga komunidad. Tayong mga guro, ang nagtatanim ng mga prinsipyo, pero ang mismong estudyante ang pumipili kung paano siya tutubo at lalago sa lipunan.

Sa kasamaang palad, hindi lahat ng guro ay ganito ang pag-iisip. Nakita natin ito nang barilin ni Inocente Campos, isang propesor dito mismo sa UP sa aking



Engkweniro:

UP Diliman Arts & Culture
Festival 2021



    @updoica

Departamento ng Matematika, ang isang estudyante noong kasagsagan ng Diliman Commune. Pro-Marcos si Campos, etudyanteng aktibista naman si Pastor Mesina Jr. Imbes na gamitin ang malayang talakayan at palitan ng opinyon... dahas ang ginamit ni propesor Campos para patahimikin ang mga estudyante. Hindi ito kailanman papanigan ng UP. Husay, dangal at kalayaan sa prinsipyo ang pinaninindigan natin sa Pamantasan ng ito. Pakikibaka -- hindi sa larangan ng dahas, kundi sa larangan ng talino.

Limampung taon na ang lumipas mula nang mangyari ang makasaysayang siyam na araw ng Diliman Commune. Marami itong aral na itinuro sa atin -- pagpapahalaga sa kalayaan, pakikibaka at pakikiisa sa mga hinaing ng lipunan. Sana sa pamamagitan ng mga paggunita tulad nito, mga webinar at mga exhibit ng *Diliman Arts and Culture Festival*... mas magkaroon tayo ng malalim na pang-unawa sa nangyari noong Diliman Commune. Sana magamit natin ito para patuloy na itaguyod ang mga sagradong tradisyon at paninindigan ng ating mahal na Pamantasan, lalu na sa mga banta at hamon na kasalukuyan nating hinaharap.

Hindi man tayo naging kalahok ng Diliman Commune, hindi man tayo ipinapanganak pa noong mga panahon na 'yon, naniniwala akong marami tayong matutunan sa ating pakikipag-*Enkweniro* at talastasan sa mga taong naging bahagi nito.

Iba-iba man ang naratibo, iba-iba man ang landas na tinahak... iisa ang mithiin na nagbubuklod sa atin bilang mga produkto ng UP: ang maglingkod sa bayan nang may Husay at Dangal, at magpakita ng Giting at Tapang sa harap ng panggigipit at banta ng karahasan.

Muli, isang maalab na pagbati sa inyong lahat. Patuloy nating pag-alabin ang mga prinsipyong itanim sa atin ng unibersidad.

Mabuhay tayong lahat! Maraming salamat.